## Certificate in Biblical Studies
## CBS400 Ang Mga Hari

### CBS402 David – Early Years
**Conrad Jun Tolosa**

### David: Binatilyong Pastol

Sa mga burol ng Bethlehem, kung saan ang mga pastulan ay napakalawak, isang binatang pastol na nagngangalang David ang nag-aalaga sa kawan ng kanyang ama. Si David ay may kasipagan sa pagpapatupad ng kanyang tungkulin.

Mula sa murang edad, natutunan na ni David ang mga paraan ng pagpapastol, ang paggabay sa mga tupa sa mayayabong na damuhan, ang pag-iingat at pagtatanggol sa kanyang mga tupa laban sa mga nagkukubling mababangis na hayop, tulad ng mga leon at oso. Nakalaan ang kanyang buhay sa kaligtasan ng kanyang mga inaaruga. Ang katapangan ay mapagmamasdan sa buhay ni David mula nang siya ay bata pa.

Habang binabantayan ni David ang kawan, ang kanyang isip ay madalas na nagliliwaliw sa kalangitan. Nag-iisa sa tahimik na ilang, nakasusumpong siya ng aliw sa pananalangin at sa pagmumuni-muni patungkol sa mga kamangha-manghang katangian ng Diyos at ng Kanyang mga nilikha. Sa katahimikan ng kanyang kapaligiran, natutuhan ni David ang paghahanap ng patnubay at lakas mula sa Makapangyarihang Diyos. Sa mga sandali ng kanyang pananampalataya nagsimulang mamulaklak, ang kanyang pag-ibig at pagtitiwala sa Diyos; at ang kanyang pagsamba ay marahil sinasabayan niya ng pagtugtog ng lyre na alam niyang tipain.

Ang reputasyon ng binatang David bilang isang matapang at magandang lalaki, magaling magsalita at mahusay tumugtog ng lyre ay balita sa kanilang lupain. Subalit ang hindi nababanggit na katangian ni David ay ang kanyang pagiging makadiyos na hindi kaila sa Panginoon.

### David: Anointed ng Diyos

Isang araw, inutusan ng Panginoong Diyos ang Propetang Samuel na magtungo sa tahanan ni Jesse na taga-Bethlehem at magdala siya ng langis sapagkat ia-anoint niya ang isang anak ni Jesse bilang hari na kapalit ni Saul.

Ginabayan nga ng Diyos si Samuel, dala ang kanyang pang-anoint na langis, tungo sa Bethlehem. Isa-isang pinakilala ni Jesse kay Samuel ang kanyang pitong anak na lalaki. Subalit wala sa kanila ang pinili ng Panginoon na magiging hari ng Israel.

Sa pagkakataong ito pinahiwatig ng Lord sa propeta ang isang mahalagang bagay na ang tao ay nakatingin sa panlabas na katangian subalit Siya ay nakatingin sa puso ng tao. Sinabi ng Diyos na ang lalaki na Kanyang pinili ay may pusong nakatuon sa Diyos.

Pinatawag ni Samuel ang bunsong anak ni Jesse na hindi pa niya nakikilala dahil sa mga sandaling iyon ay nasa pastulan. Matapos ang paghihintay ng propeta, natanaw niya ang isang lalaki na papalapit sa kanya – makisig at matipuno ang katawan.

Sa araw na iyon, in-anoint ni Samuel si David bilang hari na papalit kay Saul.

**David: Isang Musikero**

Dahil sa kanyang mga ginawang pagsuway sa kalooban ng Diyos, nilisan ng Espiritu ng Panginoon si Haring Saul, at isang masamang espiritu mula sa langit ang nagsimulang bumagabag sa kaniya.

Pumayag si Saul sa minungkahi ng kanyang mga lingkod na maghahanap sila ng isang tao na tutugtog ng lyre sa tuwing siya ay makararamdam ng bagabag. Napag-alaman ng mga ito na isang anak ni Jesse na taga-Bethlehem ang marunong tumugtog ng lyre. Siya ay si David na isang magandang lalaking magaling magsalita at matapang na mandirigma. Agad pinasundo si David upang siya ay maglingkod sa palasyo ng hari.

At gayon nga ang nangyari. Si David ay sa palasyo nanuluyan upang sa tuwing makararanas ng pagkabagabag si Saul ay naroon siya na handang tutugtog ng kanyang lyre hanggang sa guminhawa ang pakiramdam ng hari. Lubhang nagustuhan ni Saul si David na inatasan pa niya ang musikero na maging tagapagdala ng kanyang sandata.

***Multiple Choice:***

1. Ano ang tamang pangungusap?
   a. Si David ay masipag na nagpapastol ng kawan ng kanyang ama.
   b. Dahil mahilig tumugtog ng lyre si David, maaaring sabihin na ginagamit niya ito sa pagtugtog ng papuri kay Yahweh tulad ng nababanggit sa aklat ng Psalms.
   c. Ipinagtanggol ni David ang kanyang mga tupa laban sa mga nagkukubling mababangis na hayop, tulad ng mga leon at oso.
   d. Lahat ng pangungusap ay tama.

   Basahin ang 1 Samuel 16 upang masagot ang mga sumusunod na tanong.
2. Nang inutusan ng Diyos si Samuel na pumunta kay Jesse, alin sa mga eksena ang hindi tama?
   a. Magdadala si Samuel ng dumalagang baka upang maghandog kay Yahweh at aanyayahan niya si Jesse sa paghahandog.
   b. Ituturo ng Diyos kay Samuel kung sino ang kanyang papahiran ng langis.
   c. Nang makita ni Samuel si Eliab, nilapitan niya agad ito upang buhusan ng langis sa ulo.
   d. Sinabi ng Diyos kay Samuel na huwag tingnan ang panlabas na hitsura sapagkat sa puso tumitingin si Yahweh.

3. Ipinasundo ni Haring Saul si David upang tugtugan siya ng binatilyo ng lyre sapagkat nalalaman ng hari na darating ang araw na matatalo ni David ang higanteng Philistine. Ang statement na ito ay:
   a. True
   b. False

4. Tinawag ni Jesse ang pitong anak niya at doon natagpuan ni Samuel ang pinili ng Diyos na maging hari ng Israel. Ito ba ay:
   a. True
   b. False

5. Alin sa mga sumusunod ang hindi tamang pangungusap?
    a. Nagpadala ng sugo si Haring Saul kay Jesse upang sabihin na papuntahin sa kanya ang anak niyang si David.
    b. Naglingkod si David kay Saul at nagustuhan siya ng hari.
    c. Sa tuwing tutugtog si David ng lyre, umaalis kay Saul ang masamang espiritu.
    d. Tuwing dumarating kay Saul ang masamang espiritu, naiisipan niyang sibatin si David.

© April 2024 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.